

Ritwal ng Pagluluklok ng Biblia at Paghahandog ng Salita ng Diyos



mula sa

CBCP EPISCOPAL COMMISSION ON
THE BIBLICAL APOSTOLATE

Isinalin sa wikang Filipino nina:
Fr. Antonio A. Roxas at Fr. Emmanuel B. Colmenar
Diocese of Imus Commission on Biblical Apostolate

Paghahandog ng SALITA ng DIYOS

Ang ritwal na ito ay gagawin sa loob ng Banal na Misa.

Mga dapat ihanda:

2 kandila

Mga bulaklak (optional)

Leksionario

Aklat ng Ebanghelyo.

Awit:

Thy Word* – *puedeng recording o awitin ng koro o pumili ng anumang angkop na awitin.*

Mga kinakailangang kasapi:

Mga tatanggap ng handog

Ang Pari na magmimisa

2 Sakristan

2 Tagabasa

Mga maghahandog

4 na mga maninimba (2 magaalay ng kandila, 1 ang tagadala ng Leksionario, 1 tagadala ng Aklat ng Ebanghelyo. Kung may alay na bulaklak kukuha ng mga tagadala nito sa altar)

Ang Ritwal

1. Ang Paghahandog ng Salita ay magaganap matapos basahin ng pari ang Pambungad na Panalangin. Ito ang hudyat ng simula ng Liturhiya ng Salita ng Diyos.
2. Ang mga tagapaghandog ay manggagaling sa lugar kung saan nagsisimula ang prusisyon ng Banal na Misa. Ang Pari at ang sakristan ay nasa harap ng Altar upang tanggapin ang mga handog na kandila, bulaklak ,

- Leksionario at ang aklat Banal na Ebanghelyo.
3. Habang naglalakad ang mga tagapaghandog patungong altar, awitin paulit-ulit ang "THY WORD" hanggang sumapit sila sa Altar.
 4. Tatanggapin ng Pari ang mga kandila at iaabot ito sa mga sacristan. Ilalagay ng mga sacristan ang mga kandila sa harap ng lectern.
 5. Tatanggapin ng pari ang Leksionario at iaabot ito sa Unang Tagabasa, na siya namang maglalagay nito sa Lectern.
 6. Tatanggapin ng pari ang Aklat ng Ebanghelyo at gagamitin ito upang basbasan ang mga naghandog. Iaabot ng Pari ang Aklat ng Ebanghelyo sa ikalawang tagabasa at ilalagay ito sa mesa ng Altar.
 7. Muling babalik sa kanyang upuan ang pari at sisimulan na ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

Isang paalala: ang paghahandog na ito ng Leksionario at ng Aklat Banal na Ebanghelyo ay inihalintulad sa ginagawang pag-aalay ng Alak at Tinapay sa Liturhiya ng Banal na Misa.

Ang Ritwal ng Pagpupugay at Pagluklok sa Banal na Kasulatan.

Ang ritual ng Pagluklok at pagpupugay sa Banal na Kasulatan ay napapaloob sa kaugalian ng ating Banal na Simbahan. Sa bawat konseho at mga pagpupulong ng Inang Simbahan sinisimulan ito sa pagmamagitan ng Ritual na ito. Sa Ikalawang Konsilyo Vaticano o 2nd Vatican Council ang bawat araw ng pagpupulong ay sinisimulan sa paluklok ng Banal na Kasulatan. Ito ay ginagawa upang ipaalaala sa mga dumadalong Obispo na ang Panginoon JesusKristo ay nasa kanilang piling sa pamamagitan ng kanyang Banal na Kasulatan. Upang maging mabisang tagapagpahayag ng Panginoon kinakailangan muna nilang makinig sa kanyang Salita.

Ang Panginoong Jesukristo ay napapasapiling ng Sambayanan sa pamamagitan ng Salita sa loob ng Banal na Kasulatan at sa mga Sakramento. Kaya't gayun na lamang ang ipinakikitang paggalang sa Banal na Kasulatan upang ipakilala natin na ito ang nagbibigay sigla at kahulugan sa ating Buhay Kristiyano. Ang Biblia ang siyang bukal ng inspirasyon at gabay sa ating buhay.

Ang Pagluklok sa Biblia ay pagpapahayag ng ating pagkilala sa kahalagahan ng Banal na Kasulatan sa ating buhay. At kapag sinimulan ang anumang gawain sa pamamagitan ng pagluklok sa Banal na Kasulatan inaanyayahan natin ang Panginoon na maging kalahok sa nasabing gawain. Maging ang Pagluluklok ng Biblia sa ating tahanan at maging sa ating pagawaan (workplace) atin ring inaanyayahan na maging kapiling natin ang Panginoong Jesus sa ating gawain araw-araw.

Ang Ritwal ng Pagluluklok ng Biblia sa ating Tahanan

Mga dapat ihanda:

Pumili ng isang angkop na lugar kung saan iluluklok ang Banal na Kasulatan. Kung may Altar na sa tahanan, maaaring dito na idambana ang Biblia. At kung sakaling wala pang Altar, pumili ng isang lugar kung saan iluluklok ang Biblia upang mabigyan ng karampatang paggalang. Dapat ang napiling lugar ay madaling mapansin subalit di naman malapit sa lugar na palaging pinagtitipunan tulad ng lugar na may telebisyon. Dapat itong ilagay sa isang "Book Stand" upang madali itong mabasa kapag kinakailangan. Maghanda ng mga kandila at bulaklak para sa pagsasadambana ng Biblia. Pumili ng mga tagabasa mula sa miyembro ng pamilya. Ang mga awitin na gagamitin sa pagluluklok ay maaring ensayuhin o dili kaya'y pumili ng mga angkop na awitin na kinasanayan na ng pamilya.

Ritwal ng Pagluluklok

I. Prusisyon.

Magsisimula ang prusisyon ng Biblia sa bukanang pintuan (Main Door) ng Tahanan patungo sa lugar ng pagluluklukan. Minamarapat na ang Ama ng Tahanan ang magdadala ng Banal na Kasulatan na nakataas ang kanyang mga kamay habang tangan niya ito. Kasunod niya ang may dalang kandila, ang may tangan ng bulaklak at ang mga iba pang miembro ng pamilya. Ang Biblia ay ilalagay sa nararapat na pagpapatungan (book stand) at ibubuka ang kanyang mga pahina. Ilalagay ang mga kandila sa magkabilang tabi ng Biblia pati na ang mga bulaklak. Tiyakin lamang na di matatakpan ng kandila at bulaklak ang Biblia upang manatili na ang lahat ay nakatuon sa Biblia.

Awit habang nagpuprusisyon : Thy Word (Amy Grant/ Michael W. Smith) o kung anumang angkop na awitin.

II. Panimula

Sa araw na ito ang ating pamilya ay natitipon upang iluklok ang Banal na Kasulatan na naglalaman ng Salita ng Diyos sa loob ng aming tahanan. Ito ay ating ginagawa bilang lubos na pagkilala at paggalang sa Biblia. At sa pagluluklok na ito ay ating inaanyayahan ang Panginoong Jesukristo na manahan sa ating mga puso at tahanan sa lahat ng oras ng ating buhay.

III. Pagbasa

Minamarapat na gamitin ang Biblia na iniluklok sa dambana para sa pagbasa.

Pagbasa sa Aklat ni Josue (Joshua 24:14-15)

“Kaya ngayon, sambahin ninyo si Yahweh at paglingkuran ninyo siya ng buong puso’t katapatan. Alisin ninyo ang mga diyos-diyosang dating sinasamba ng inyong

mga ninuno sa Mesopotamia at Egipto. Si Yahweh lamang ang inyong paglingkuran. At kung ayaw ninyong maglingkod kay Yahweh, pumili kayo ngayon kung sino ang inyong paglilingkuran: ang diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o ang mga diyos ng mga Amoreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinitirhan. Ngunit para sa akin at sa aking sambahayan, kay Yahweh kami maglilingkod.”

IV. Pagbibigay Pugay sa Banal na Kasulatan

Isa –isang lalapit ang bawat miyembro ng pamilya at maaring lumuhod o yumukod sa harap ng Biblia bilang pagbibigay galang dito.

V. Panalangin ng pamilya (Maaring ibahagi sa pamilya ang bawat isang panalangin.)

Namumuno: Sa bawat panalangin, ating itutugon...

Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Salamat Panginoon Jesus sa pagdating mo ngayon sa aming tahanan. Manatili ka sa aming piling lalo't higit sa mga panahong dumaraan kami sa mga matitinding pagsubok. Maging bahagi ka ng aming kaligayahan sa buhay. Tulungan mo kaming maging mahinahon kapag di naming lubos na maunawaan ang aming mga mahal sa buhay. Manalangin tayo...

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Noong panahong nanatili ka sa tahanan nina Marta, Maria at Lazaro pinagkalooban mo sila ng kapayaan at katatagan ng loob sa gitna ng pighati ng buhay. Ginawa mong ang kanilang tahanan ay mapuno ng pag-ibig at pag-uunawaan. Nawa ay ito rin ang maganap sa aming tahanan. Manalangin tayo..

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Mapasapiling ka namin Panginoon habang kami ay magkakasama at nagkakaisa sa panahon ng aming mga kaligayahan at kasayahan na kung saan pinagagaan ang buhay. Manatili ka rin sa aming piling kapag kami ay tumahak ng ibang landasin at bumuo na kani-kaniyang pamilya at mga pangarap. Basbasan mo at panatilihin mo sila sa iyong puso at pagmamahal saan man sila naroroon.

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Mapasapiling ka namin Panginoon upang paalalahan kami na ang pagmumulan ng tunay na kapayapaan at kaligayahan ay nasa pagtitiis ng hirap at krus sa buhay. Kung di tayo marunong magtiis at magsakripisyo mananatili tayong makasarili at di matututong kumalinga sa kapwa. Turuan mo kaming huwag maging makasarili sa halip ay maging mapagpahalaga at mapagmalasakit sa aming pamilya at sa kapwa naming nangangailangan.

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Mapasapiling ka namin Panginoon kapag kami ay nagugulumihanan sa loob ng aming pamilya at kapag mayroong di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga matatanda at bata, sa panahon ng panlalamig na nadarama sa pagitan nina Nanay at Tatay, nina Kuya at Ate at sa aming lahat na magkakapatid. Manatili ka sa aming piling kapag kami ay nag-aaway. Turuan mo kaming umunawa, magpatawad at magpaubaya.

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Mapasapiling ka namin Panginoon at iyong presensiya ang magsilbing dahilan ng aming pagkakaisa. Mawala ang lahat ang pagseselosan , pagkainggit at di pagkakaunawaan sa aming pamilya at mapuspos kami ng wagas na pag-

mamahalan sa isat-isa. Harinawa tuluyan nang maglaho ang mga panahon na kami ay di nagpapansinan at mga araw ng nakabibinging katahimikan dahil sa di kami nagka-kaunawaan. Dahil dito nabubuo ang pagkamuhi namin sa isa't-isa. Kaya't nagsusumamo kaming turuan mo kaming maging bukas sa pakikipagusap na puno ng katapatan at wagas na pag-ibig isa't isa.

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Manahan ka sa amin Panginoon lalo't higit sa panahon kami ay dinapuan ng karamdaman. Sapagkat sa panahong ito ng aming kahinaan higit naming kailangan ang lakas ng kalooban at lubos na tiwala sa iyong kapangyarihan. Alam mo Panginoon kung ano ang higit na mabuti para sa amin. Pagkalooban mo kami ng kakayanang tanggapin ang iyong kalooban sa panahon ng kalusugan, karamdaman, at maging sa wakas ng buhay.

Tugon: Manatili ka sa aming piling, Panginoon.

Manahan ka sa amin Panginoon sa panahon ng aming katandaan at sa mga oras na parang kami'y iniwang nag-iisa. Lambungan mo kami ng iyong pag-ibig sa lahat ng oras ng aming buhay hanggang sa makarating kami sa takipsilim ng aming buhay at palagi ka naming matagpuan sa gitna ng kadilimang aming nararanasan. Manatili ka sa amin piling kapag nanghihina na kami at natapos na aming mga gawain. At dahil sa iyong walang hanggang awa, akayin mo kami tungo sa kapayapaang walang hanggan sa tahanang iyong inihanda para sa amin. Amen. (*mula sa Prayers for Families*)

VI. Pagbati ng Kapayapaan: *Inaanyayahan ang lahat na magbatian ng kapayapaan.*

Pagluluklok ng Biblia sa mga Pagawaan / Opisina (Workplace)

Pagluluklok ng Biblia sa Pagawaan ay pagkilala ng presensiya ng Poong JesuKristo na kasama-sama natin sa lugar kung saan tayo gumagawa. Ito rin narwa ang magpaalala sa atin na ang ating gawain ay bahagi ng buhay-Kristiyanong nasa ilalim ng pag-gabay at inspirasyon ng Panginoong Jesus.

Sa pagpili ng lugar na pagluluklukan ng Biblia , dapat ay yaong madaling makita subalit malayo sa mga lugar na maingay na kung saan ay may mga computers, fax machines, printers, copiers at iba pa. Isaayos ang lugar ng pagluluklukan ng Biblia upang makalikha ng isang matahamik na kapaligiran na makatutulong sa pagninilay at pananalangin. Matapos ang ritwal ng pagluklok, inaanyahan ang lahat na magbasa ng Salita ng Diyos at huwag iwanan itong parang isang palamuti lamang sa loob ng opisina. Magandang maglaan ng panahon minsan sa isang linggo upang magkasama-sama na pakinggan ang Salita ng Diyos, pagnilayan at pagbahaginan kung ano ang naging mensahe nito sa batwat isa. Maaring gamitin ang mga pagbasa sa Banal Misa noong nakaraang Linggo upang mapagnilayan ng lahat.

Mga dapat Ihanda:

1. Ihanda ang lugar kung saan iluluklok ang Biblia .
2. Gumamit ng isang mesa o isang patungan para sa pagluluklukan.
3. Lagyan ito ng “table cloth”. Mahalagang ang Bibliya ay mailagay sa isang “book stand’ upang mapanatili itong bukas.
4. Maghanda ng mga kandila at mga bulaklak na gagamitin sa ritu ng pagluluklok.

I. Pambungad na Awit: Thy Word (Amy Grant/Michael W. Smith)

Maaring mai-download ang awit sa Youtube kung di alam ito.

Ganito ang hanay ng prusisyon:

1. *Magsimula sa isang lugar sa opisina at maglakad patungo sa inihandang pagluluklukan ng Biblia.*
2. *Mauuna ang mga may dala ng kandila.*
3. *Kasunod ang may hawak ng bulaklak.*
4. *Sa kahuli-hulihan kasunod na maglalakad ang may hawak ng Bibliya, nakataas ang mga kamay habang ito'y tangan at ilagay ito sa "Bible Stand" na nakabukas ang mga pahina.*
5. *Habang naglalakad ang prusisyon, patuloy na patugtugin ang ilang mga meditative instrumental songs angkop sa pagdiriwang.*

II. Pagbasa

Ang pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias (Is. 55:6-11)

Hanapin mo si Yahweh habang siya'y matatagpuan, manalangin ka sa kanya habang siya ay malapit na. Dapat nang talikuran ang mga gawain ng taong masama, at dapat baguhin ang pag-iisip ang taong liko. Sila'y dapat manumbalik, at lumapit kay Yahweh upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran.

Ang sabi ni Yahweh, ang aking isipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan. Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa sa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maabot ng inyong kaisipan.

Ang ulan at yelo na bumabagsak mula sa langit ay hindi na nagbabalik, kundi dinidilig nito ang lupa, kaya kung lumalago ang mga halaman at namumunga at nagbibigay ng butil na panghasik, at tinapay upang maging pagkain, gayundin naman ang mga salita na lumalabas sa aking bibig, ang mga ito'y hindi babalik sa akin na walang katuturan. Tutuparin nito ang aking mga balak, at gagawin nito ang aking ninanais. (*Sandaling katahimikan upang magnilay*)

Mga Panalangin

Bilang isang sambahayan, inihahain natin sa Diyos ang ating mga panalangin at kahilingan.

Tugon: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

1. Jesus , ikaw ang Salita ng Diyos, tulungan mo kaming mamuhay sa katotohanan.

Tugon: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

2. Jesus, ikaw ang tunay na liwanag. Ituro at gabayan mo kami sa matuwid na pamumuhay.

Tugon: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

3. Jesus, Ikaw ang Emmanuel, ang Diyos ay kasa-kasama namin. Hilumin mo ang aming pagkatao ng iyong presensiya.

Tugon: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

4. Jesus, ikaw ang Banal na Diyos. Ilayo at Iadya mo kami sa tukso sa pang-araw-araw naming buhay.

Tugon: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

Tagapamuno:

Nawa ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Salita ay magsilbing gabay sa aming buhay at pangaraw-araw na gawain. Nawa ang kanyang Salita ay patuloy na magpasigla at magpaunlad sa aming buhay sa lahat ng aming pinagkakaabalahan sa araw-araw.

Lahat: Amen

Pangwakas na awitin: Your Love Is In Me (Focolare) *kung di alam pumili na lamang na angkop na awitin.*



Catholic Bishops' Conference of the Philippines
Episcopal Commission on the Biblical Apostolate